LEVEL 3

# Leveled Reader
in Filipino

# Ang Mahiwagang Laruan




Isinulat at iginuhit ni Prum Kunthearo

Sinuri ni Lilibeth O. Quiore



Sina Neri at Luis ay sabik nang makita ang kanilang Tita Susan na galing sa lungsod. Si Tita Susan ay isang *scientist* at lagi siyang may dalang mga laruan para kina Neri at Luis.



“Tita Susan, may pasalubong po ba kayo para sa amin?” tanong ng mga bata.

“Oo naman,” nakangiting sagot ni Tita Susan. Binigyan niya ang bawat bata ng tig-isang maliit na kahon.



Binuksan ni Luis ang kahong natanggap. Ito ay isang laruang kotse na gawa sa bakal.

"Wow!" sabi ni Luis.

"Salamat po!"

"Walang anuman," sagot ni Tita Susan. "Ito ay gawa sa bakal."

"Ang husay! Bakit mahalaga na ito ay gawa sa bakal?" tanong ni Luis.



“Makikita mo,” sabi ni Tita Susan habang pinanonood ang pagbubukas ni Neri ng kaniyang pasalubong.

Sa loob ng kahon, natagpuan ni Neri ang dalawang pirasong makintab na *metal* na magkadikit sa isa't isa.


“Ano kayang klaseng laruan ito?” tanong ni Neri.



Dahan-dahang hinila ni Neri ang dalawang piraso ng metal papalayo ngunit mahigpit ang pagkakadikit ng dalawang ito sa isa't isa. Pagkatapos, sinubukan niyang paikutin ang parehong metal at gumalaw ang mga ito!

"Kakaiba ito," naisip ni Neri. "Sana hindi ko ito masira."

Nang bitiwan niya ang isa sa mga piraso nito, bumalik ito sa dati nitong posisyon.



“Hindi, mayroong mas mahusay na paliwanag dito. Pero ano?”



Napansin ni Luis na nakatitig si
Neri sa bago niyang laruan.
“Ano ang mga ito?” tanong niya.
“Ano ang nagagawa nila?”
“Hindi ko alam,” sagot ni Neri.



Umupo si Luis sa tabi ni Neri at inilapag ang kaniyang laruang sasakyan na hindi kalayuan sa dalawang pirasong metal ni Neri. Nang bigla na lamang mag-isang gumalaw ang kotse papunta sa dalawang pirasong metal na nasa mesa!



Ang kotse ay umandar papalapit at dumikit sa dalawang pirasong metal. Inilayo ni Neri ang kotse mula sa dalawang metal. Nakita niya na muli itong dumidikit sa dalawang metal. Para bang may isang hindi nakikitang puwersa na hinihila ang kotse at mga piraso ng metal!



“Iniisip ko kung may iba pa bang didikit sa mga metal na ito,” sabi ni Neri.

“Alamin natin!” tugon ni Luis. Agad siyang umalis sa kinauupuan nila at nagsimulang kumuha ng mga bagay mula sa loob ng bahay.



Bumalik si Luis na punong-puno ang mga kamay ng mga bagay na puwedeng subukan para sa kanilang laruang metal.

"Una nating subukan ang aklat," sabi ni Luis.

Inilapit niya ang aklat sa dalawang pirasong metal pero walang nangyari.



“Hmm, subukan naman natin itong susi,” sabi ni Neri. Habang inilalapit niya ang susi sa mga metal, nararamdaman ni Neri na tila hinihila ng mga metal ang susi papalapit sa mga ito. Binitiwan ni Neri ang susi at dumausdos ito sa mesa patungo sa mga metal at dumikit. Gumana ito!



Sumunod, inilapit ni Luis ang isang rolyo ng sinulid sa dalawang pirasong metal ngunit walang nangyari.



Pumunta si Tita Susan sa labas at pinanood ang mga bata habang sinusuri nila ang mga bagay-bagay.

“Nakikita kong gusto mo ang mga *magnet*!” sabi ni Tita Susan. “Naisip mo ba kung paano sila gumagana?”



“Kapag inilagay namin ang laruang kotse at isang susi malapit sa kanila, parang may puwersang humihila sa mga ito para magdikit,” sagot ni Neri. “Ngunit walang nangyayari kapag sa libro o sinulid idinikit ang mga metal.”



“Kayo ay mga matatalinong scientist,” sabi ni Tita Susan. “Gumawa kayo ng *experiment*!”

“Ngayon, ano ang pagkakapareho ng laruang kotse at ng susi? At paano sila naiba sa libro o sa sinulid?” Tanong ni Tita Susan.



Nag-isip sandali sina Neri at Luis habang bumubulong.

“Metal!” sigaw ng dalawang bata. “Ang laruang kotse at susi ay gawa sa metal.”



“Tama!” sabi ni Tita Susan. “Ang mga magnet ay maaaring dumikit sa ilang uri ng metal, ngunit hindi sa iba pang mga bagay.”

“Ito po ba ang ginagawa mo sa inyong trabaho, Tita Susan?” tanong ni Neri.

“Maglaro ng magnet at laruang sasakyan? Oo! At mga libro, siyempre,” sabi ni Tita Susan.



“Ngunit ang magnet ay hindi gumagana sa libro,” sabi ni Luis. “Hindi, ngunit maaari mo pa ring buksan at basahin ito!” sabi ni Tita Susan, at sila ay nagtawanan.



"Ngunit ang magnet ay hindi gumagana sa libro," sabi ni Luis.

"Hindi, ngunit maaari mo pa ring buksan at basahin ito!" sabi ni Tita Susan, at sila ay nagtawanan.

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI INTERNATIONAL

The Asia Foundation